REPUBLIKA NG PILIPINAS
BAYAN NG TAYTAY
LALAWIGAN NG RIZAL

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

BAHAGI NG KATITIKAN NG HINDI PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN, TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS NUONG MARSO 28, 1995, SA SILID PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Carlos V. Borja | - Konsehal (Temp. Presiding Officer) |
| Kgg. Nolasco V. Reyes, Jr. | - Konsehal |
| Kgg. Filomeno I. Naval | - " |
| Kgg. Jaime L. Mariano | - " |
| Kgg. Nestor SJ. Naval | - " |
| Kgg. Antonio B. Naval | - " |
| Kgg. Andres C. Cruz, Jr. | - ABC President |
| Kgg. Janet D. de Leon | - SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Pablo J. Gonzaga | - Pangalawang Punong Bayan |

- - - - - - - - - - -

KAPASIYAHAN BILANG 32

KAPASIYAHANG NAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA ASAWA, MGA ANAK AT MGA KAPATID, NA NAULILA SA PAGYAO NG ATING KASAMANG KALIHIM MUNISIPAL ANTONIO I. VILLANUEVA.

SAPAGKAT, si Kalihim Antonio I. Villanueva, ay sumakabilang-buhay nuong Marso 24, 1995;

SAPAGKAT, siya ay naglingkod bilang Kalihim Munisipal ng Pamahalaang Bayan ng Taytay ng humigit-kumulang sa Labing Tatlong taon, Nobyembre 21, 1981 hanggang Marso 24, 1995;

SAPAGKAT, sa kanyang paglilingkod sa Pamahalaang Bayan ng Taytay, siya ay nagpamalas ng ibayong sipag at katalinuhan, na nakatulong ng malaki upang mapaganda at maging maayos ang takbo ng Konseho Munisipal;

SAPAGKAT, sa maraming pagkakataon ay namalas sa kanya ang kanyang pagiging matulungin at maunawain sa mga taong lumalapit sa kanya, sapagkat siya ay hindi nagkakait ng tulong kangino man kung makakaya din lamang niya;

SAPAGKAT, siya ay nakilala hindi lamang dito sa bayan ng Taytay kundi maging sa kanyang mga ka-lalawigan na siyang naging sanhi upang siya ay mahirang na OSCA President sa buong lalawigan ng Rizal;

SAPAGKAT, dahilan sa maganda niyang pagse-serbisyong ito, siya ay nahalal bilang pangulo ng ARMS (Association of Rizal Municipal Secretary), Hunyo 1989 - Hulyo 1990, bilang pag-idolo sa kanyang kakayahan;

SAPAGKAT, sa kanyang pagyao sa daigdig naito ay kanyang inulila, hindi lamang ang kanyang mga mahal sa buhay, kundi maging ang kanyang kapuwa kawani, mga kaibigan at mga kadaupang-palad na nagmamahal sa kanya; at

SAPAGKAT, ang kanyang pagyao at pagtungo sa sinapupunan ng Ating Panginoon ay maituturing na isang malaking kawalan sa buong bayan na kanyang pinaglilingkuran;

Kapasiyahan Bilang ..... 31
Pahina ................ 2

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kon. Jaime L. Mariano na pinangalawahan ni Kon. Nolasco V. Reyes, Jr. ay,

LUBUSANG PINAGPASIYAHAN, kagaya ng lubusang pagkakapasiya, ang pagpapaabot ng taos pusong pakikiramay at pakikidalamhati sa mga naulila, asawa, mga anak at kapatid ni Kalihim Munisipal Antonio I. Villanueva;

PINAGPASIYAHAN PA, na ang mga opisyales at kawani ng Pamahalaang Bayan ng Taytay, sa pangunguna ni Punong Bayan Godofredo C. Valera, ay walang sawang nananalangin na nawa'y makarating ka sa sinapupunan ng Dakilang Lumikha at duon ay magkaroon ka ng buhay na walang hanggan;

PINAGPASIYAHAN PANG MULI, na ipadala ang sipi ng Kapasiyahang ito sa mga kinauukulan para sa kanilang kabatiran;

PINAGTIBAY NG LUBUSAN.

PINATUTUNAYAN KO, na ang Kapasiyahang ito ay tunay at siyang katotohanan.

CARLOS V. BORJA
Pansamantalang Tagapamatnugot
(Konsehal)

PINAGTIBAY:

GODOFREDO C. VALERA
Punong Bayan

LEOVIGILDA E. DE BORJA
Board Secretary II
Acting SB Secretary